REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**
**KALAKHANG MAYNILA**

Sangguniang Panglungsod

**KAUTUSANG PANLUNGSOD BLG. 02-044**

**KAUTUSAN PARA SA "HOUSE NUMBERING, CENSUS AT MAPPING" NG MGA TAHANAN AT PAMILYANG MATATAGPUAN SA "LUGAR NA MAY PRAYORIDAD PARA LINANGIN SA PAG-UNLAD (AREAS FOR PRIORITY DEVELOPMENT)" SA KABUUAN NG LUNGSOD NG MUNTINLUPA.**

*************************************************************************

*Ipinanukala ng:*

**Kgg. Inhr. Mamerto T. Sevilla, Jr.**
**Kgg. Inhr. Rufino B. Joaquin**
**Kgg. Francis Ian T. Bagatsing**
**Kgg. Rene Carl S. Cayetano**
**Kgg. Mggl. Patricio L. Boncayao, Jr.**
**Kgg. Victor L. Ulanday**
**Kgg. Bal Niefes**
**Kgg. Nicanor L. Echavez, M.D.**
**Kgg. Allan Rey A. Camilon**
**Kgg. Mggl. Raul R. Corro**
**Kgg. Mggl. Icasiano M. Dela Rea**
**Kgg. Elmer S. Espeleta**
**Kgg. Lucio B. Constantino**
**Kgg. Mario E. Bulay, Jr.**

*************************************************************************

**SAPAGKAT,** alinsunod sa itinatadhana ng *Seksiyon 458 (2) (xiv)* ng Kodigo ng Lokal na Pamahalaan ng 1991, ***"ang Lokal na Pamahalaan ay may kapangyarihang "kontrolahin o pamahalaan (regulate) ang pagtatakda ng numero o bilang (numbering) ng mga residensiyal, komersiyal at iba pang mga gusali"***;

**SAPAGKAT,** sa mahigit kumulang na Isang Daan Pitumpu't Tatlong Libo at Limang Daan Dalawampu't Lima **(173,525)** na populasyon ng mga maralitang tagalungsod o tatlumpu't pitong porsiyento (37%) ng kabuuang populasyon ng Lungsod, ang karamihan dito ay nakatira sa mapanganib na lugar tulad ng mga ilog, esteros at riles ng tren;

**SAPAGKAT,** layunin ng Kautusang ito na lubusang masubaybayan (monitor) ang galaw at pagdami ng bilang ng populasyon na nakasaad sa itaas, gayundin ang pagpasok at paglabas ng mga dayuhan (migrants) sa Lungsod, alinsunod sa itinatadhana ng **Kautusang Panlungsod Blg. 99-025** na inamyendahan ng **Kautusang Panlungsod Blg. 01-022** bilang isa sa pangunahing tungkulin ng Migration Information Center sa bawat barangay;

**NGAYON, DAHIL DITO,** isinasabatas ng Sangguniang Panlungsod ng Muntinlupa ang mga sumusunod:

**Seksiyon 1.** ***PAMAGAT.*** Ito ay tatawaging *"KAUTUSAN PARA SA "HOUSE NUMBERING, CENSUS AT MAPPING" NG MGA TAHANAN AT PAMILYANG MATATAGPUAN SA "LUGAR NA MAY PRAYORIDAD PARA LINANGIN SA PAG-UNLAD (AREAS FOR PRIORITY DEVELOPMENT)" SA KABUUAN NG LUNGSOD NG MUNTINLUPA".*

*Pahina 2*
*Kautusang Panlungsod Bilang 02-044*

**Seksiyon 2.** *SAKOP.* Ang *"**House Numbering, Census at Mapping**"* ay ipapatupad sa mga tahanan o pamilyang matatagpuan sa *"**lugar na may prayoridad para linangin sa pag-unlad (areas for priority development)**"* sa kabuuan ng Lungsod ng Muntinlupa, katulad ng ilog, esteros at riles ng tren.

**Seksiyon 3.** ***KAHULUGAN NG MGA SALITA.*** Para sa layunin ng Kautusang ito:

1. **AREAS FOR PRIORITY DEVELOPMENT** - mga pook na idineklara bilang mga lugar na may prayoridad para linangin sa pag-unlad sa ilalim ng umiiral na mga batas at mahahalagang mga Executive Order, katulad ng mga tahanan o pamilyang matatagpuan malapit sa ilog, esteros at riles ng tren;
2. **HOUSE NUMBERING** - isang legal at opisyal na pagtatakda ng numero o bilang ng mga tahanan o istrakturang matatagpuan sa mga lugar na itinakda ng Kautusang ito;
3. **CENSUS** - isang opisyal na pagbibilang ng bawat pamilya, kasama ang mga umuupa (sharer o renter) na matatagpuan sa mga lugar na itinakda ng Kautusang ito:
4. **MAPPING** - isang opisyal na pagmamapa ng mga tahanan o anumang istraktura na matatagpuan sa mga lugar na itinakda ng Kautusang ito.

**Seksiyon 4.** ***MGA PATAKARAN AT ALITUNTUNIN SA PAGPAPATUPAD.***

1. Ang house numbering, census at mapping ay isasagawa sa lahat ng mga tahanan o istruktura at pamilyang matatagpuan sa lugar na may prayoridad para linangin sa pag-unlad, katulad ng ilog, esteros at riles ng tren sa kabuuan ng Lungsod ng Muntinlupa, mula Sucat hanggang Tunasan;
2. Ang Pamahalaang Lungsod ng Muntinlupa, sa pamamagitan ng Urban Poor Affairs Office (UPAO) ang kikilalanin bilang pangunahing tanggapan Tagapagpatupad ng Kautusang ito;
3. Ang espesyal na komiteng lilikhain ay tatawaging *"**Special Task Force on House Numbering, Census at Mapping**"* na kabibilangan ng mga kinatawan mula sa iba't-ibang tanggapan ng pamahalaang lokal, pamahalaang nasyonal, di-pampamahalaang organisasyon (NGO) at mga pribado/pangkomunidad na samahan (people's organization/community association;

4. Magkakaroon muna ng oryentasyon sa mga grupong tagasuri (Census/Mapping Team) bago isagawa ang aktuwal na house numbering).

5. Paglalahad ng layunin at mga patakaran para sa pagsasagawa ng house numbering, census at mapping;

6. Ang gagamiting mga kagamitan at materyales para sa pagsasagawa ng house numbering, census at mapping ay kukunin sa pondong nakalaan para dito;

7. Ang house numbering, census at mapping ay isasagawa ng grupong bubuuin at magsisilbi sa ilalim ng pangangasiwa ng Special Task Force on House Numbering, Census at Mapping;

8. Ang konsolidasyon o pagsasama-sama ng mga naging resulta at ang paghahanda ng pag-uulat ay isasagawa ng Special Task Force on House Numbering, Census at Mapping. Ang naging resulta ay dadaan sa itinalagang estadistiko (statistician) na siyang maghahanda ng interpretasyon at pag-uulat

9. Ang house numbering, census at mapping ay magsisimula sa araw ng pagpapatibay ng kautusan at matatapos sa loob ng limang (5) buwan;

**Seksiyon 5.** ***KOMPOSISYON AT TUNGKULIN NG TASK FORCE.***

a. **Urban Poor Affairs Office (UPAO)** - ang tanggapang maghahanda ng konsepto ng proyekto; magsasagawa ng pagpaplano, pagsasakatuparan at kahihinatnan ng proyekto; makipag-ugnayan sa iba't-ibang tanggapang kasapi sa pagpaplano at pagsasakatuparan ng proyekto; at tapusin ang naisagawang pagsusuri (survey) at magsumite ng pag-uulat;

b. **City Engineering Office** - ang tanggapang maghahanda ng detalyeng lokasyon at teknikal na mapa ng mga istrukturang nasa lugar ng proyekto; at ang pagrerekomenda ng mga kagamitang gagamitin para sa proyekto;

k. **City Planning and Development Office (CPDO)** - Lumahok sa pagkokonsepto ng proyekto at ihanda ang GIS map ng lugar ng proyekto;

d. **Social Service Department/JRF-Department of Agriculture** - ihanda ang mga kawaning magsasagawa ng house numbering, census at mapping ng mga tahanan at pamilya; at makilahok sa aktuwal na pagsusuri (survey);

e. **City Health Office/Lake Management Office** - Makilahok sa pagkokonsepto ng proyekto at ang pangangasiwa sa Task Force;

g. **Socialized Housing Committee (ShopCom)** - ihanda ang panustos at teknikal na pangangailangan ng Komite para sa house numbering, census at mapping;

h. **Mga Punongbarangay/Barangay Migration Information Officers** - kilalanin ang mga hangganan sa bawat nasasakupang barangay; magbigay ng sekondaryong datos sa mga pangkomunidad na samahan at iba pang kinakailangang datos para sa proyekto; at makilahok sa pagsasagawa ng house numbering, census at mapping;

i. **Tagapangulo ng Komite ng Urban Poor sa Sangguniang Panlungsod** - bumalangkas ng mga kautusang kakailanganin ng Task Force na magsasagawa ng gawain;

l. **Pangkomunidad na samahan o People's Organization** - tulungan ang Task Force sa mga gawain sa iba't-ibang lugar at magbigay ng mga tauhang tutulong sa pagsasagawa ng house numbering, census at mapping.

**Seksiyon 6.** ***PONDONG GUGUGULIN.*** Ang pondong gugugulin para sa pagpapatupad ng Kautusang ito ay kukunin sa alinmang nakalaang pondo ng ehekotibo para sa taong 2002.

**Seksiyon 7.** Anumang kautusan, patakaran o alituntunin na taliwas o di-tugma sa probisyon ng Kautusang ito ay pinapawalang-bisa o babaguhin ng alinsunod dito.

**Seksiyon 8.** Ang Kautusang ito ay magkakabisa kaagad matapos ang paglalathala sa alinmang hayag na lugar ng Pamahalaang Lungsod.

**PINAGTIBAY,** ng Sangguniang Panlungsod ng Muntinlupa ngayong **ika-9 ng Mayo, 2002,**. sa kanilang **ika-31 Regular na Sesyon.**

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**
**KALAKHANG MAYNILA**

Sangguniang Panglungsod



**SINANG-AYUNAN:**

**VICTOR L. ULANDAY**
*Konsehal*

**BAL NIEFES**
*Konsehal*

**ELMER S. ESPELETA**
*Konsehal*

**DR. NICANOR L. ECHAVEZ**
*Konsehal*

**FRANCIS IAN T. BAGATSING**
*Konsehal*

**MGGL. PATRICIO L. BONCAYAO, JR.**
*Konsehal*

**RENE CARL S. CAYETANO**
*Konsehal*

**ALLAN REY A. CAMILON**
*Konsehal*

**LUCIO B. CONSTANTINO**
*Konsehal*

**MGGL RAUL R. CORRO**
*Konsehal*

**MARIO E. BULAY, JR.**
*Konsehal*

**MAMERTO T. SEVILLA, JR.**
*Konsehal*

**MGGL. ICASIANO M. DELA REA**
*Konsehal*

**RUFINO B. JOAQUIN**
*Konsehal*

***LIBAN:***

**ALDRIN L. SAN PEDRO**
Konsehal

**MELCHOR R. TEVES**
*Konsehal*

**ARTEMIO A. SIMUNDAC**
*Kinatawan ng Sektor*
*Pangulo*
*Samahan ng mga Punongbarangay*

REPUBLIKA NG PILIPINAS
PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA
KALAKHANG MAYNILA

Sangguniang Panglungsod



**PINATOTOTOHANAN KO,** ang katumpakan ng Kautusang Panlungsod na ito.

**MGGL. ISIDORO L. SORIANO, JR.**
*Kalihim*
**SANGGUNIANG PANLUNGSOD**

**PINATUTUNAYAN:**

**MGGL. JO JASON T. ALCARAZ**
*Pangalawang Punonglungsod/Pangulong Opisyal*

**PINAGTIBAY:**

**MGGL. JAIME R. FRESNEDI**
*Punonglungsod*
*Petsa:* ________

***Lito Salamat/Nory***
**051302**